



THE LORD'S FLOCK GROWTH DIGEST

PASTORAL GROWTH SERIES

Ang Team na Hindi Matalo-talo

Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
September 16, 2020

Kung ang mga partido na may parehong interes, ay nag-usap at nagka-ayos, sila'y magiging magkapartner o magkasosyo. Pumili ng 12 pares si Kristo para maghanap ng mga naliligaw (Jn. 1:35-51). Sinugo Niya sila dala-dalawa (Lk. 10:1). Ang dalawa ay mas mabuti kaysa sa isa; mas marami ang bunga ang anumang gagawin nila (Ecc. 4:9). Kung kapartner natin si Jesus, hindi tayo matatalo. Sa kabilang banda, wala tayong magagawa kung wala si Kristo (Jn.15:15). Kung kasama natin Siya, magtatagumpay tayo at hinding-hindi tayo matatalo.

1. Dalawang mahalagang kaisipan sa pakikipagsosyo/pakikipagpartner:

1.1 Pagsama-sama. Nagsama-sama sila bilang magkakapatid, sa pagpipira-piraso ng tinapay, at sa panalangin. Ang magandang samahan ay nagbubunga ng maayos na pagbabahagi ayon sa kanilang pangangailangan (Gawa 2:42-47).

1.2 Una ang relasyon sa Diyos. At pagkatapos, magkakaroon tayo ng maayos na relasyon sa iba. Mamahalin natin ang bawat isa (Mt. 22:36-40). Maliligtas ang lahat ng taong tumatawag sa Kanya (Rom 10:13).

2. Ano ang mangyayari kung kapartner natin si Jesus?

2.1 Panalo lagi tayo kung ka-team natin si Jesus. Pauunlarin tayo ng Diyos kung pinapaboran Niya tayo. Itataas Niya tayo. Pinaboran din ni Yaweh si Jose noong nagkaroon ng 7 taong tagtuyot (Gen. 39).

2.2 Bilang kapartner ng Diyos, walang sasalungat sa atin. Kapartner ni Josue ang Diyos. Pinamunuan niya ang mga tao patungong lupang pangako. Maraming himala ang ipinamalas ng Diyos kay Josue (Josh 1:5-9).

2.3 Bilang kapartner ng Diyos, maging mapagpakumbaba. Dapat makinig tayo. Sa bagong

tipan, (Lk 5:1-11) apat ang nakipag-partner kay Kristo: Andres, Juan, Santiago, Simon. Hindi agad sumunod si Simon na bumalik sa laot; ngunit maski pagod na sila, siya'y sumunod at nabiyayaan sila.

2.4 Kung susunod tayo bilang kapartner, mabibiyayaan din ang iba. Maibabahagi natin ang mga biyayang natanggap natin para madakila ang Diyos.

2.5 Kung Siya ang kapartner natin, magkakaroon tayo ng lakas para magawa ang Kanyang gawain (Fil 4:13). Hindi tayo mapapagod (Is 40:30).

2.6 lilawan niya ang bawat hakbang natin. Kung may tututol sa atin sa paglilingkod sa Diyos, ang tagumpay at kabiguan natin ay nakasalalay kung nasaan ang Diyos sa buhay natin.

Kapartner nating lahat si Jesus. Maging matapat tayong kapartner, kahit may pagsubok. Kung makikipagpartner tayo kay Jesus, kailangang suportahan natin ang Kanyang mga gawain at gumawa nang maayos para madakila Siya (Gawa2). Kailangan nating tumulong at maging mamamalakaya ng mga tao (Jn12: 26-27). Magbigay tayo para matugunan ang mga pangangailangan sa templo ng Diyos (Mal 3:10). Walang makapupuno sa atin kundi ang makita Siya sa Kanyang kaluwalhatian.

Pagninilay:

- Paano tayo makikipagpartner sa Diyos kung hindi tayo tumatalima sa kanyang kalooban?
- Ano ang mali sa buhay mo ngayon? Ano sa akala mo ang dahilan bakit nandito ka sa sitwasyong ito?

Isinalin ni: Sis Nida Cruz

Na-edit at naaprobahan ni: Sis Vera

For more teachings:

www.lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials